**Ikatlong Markahang Pagsusulit sa ARALING PANLIPUNAN V**

**TALAAN NG ESPISIPIKASYON**

| Mga Nilalaman | Bilang ng Araw ng Pagtuturo | Bilang ng Aytem | % | Pagsasaayos ng mga Aytem |
|---|---|---|---|---|
| **I.PANAHON NG MGA HAPONES** | | | | |
| A. Naipaliliwanag ang sistema ng pamahalaang Hapones sa Pilipinas | 8 | 14 | 19% | 1-14 |
| B. Naipaliliwanag ang panlipunang pamumuhay ng mga Pilipino | 11 | 19 | 25% | 15-33 |
| **II. PANAHON NG IKATLONG REPUBLIKA** | | | | |
| A. Natatalakay ang uri ng pamamahala sa Ikatlong Republika | 5 | 9 | 12% | 34-42 |
| B. Nasusuri ang kalagayan ng panlipunang pamumuhay ng mga Pilipino | 11 | 19 | 25% | 43-62 |
| C. Naipaliliwanag ang mga pagsisikap ng mga Pilipino na mapatatag at maisaayos ang kabuhayan sa panahon ng Ikatlong Republika | 8 | 14 | 19% | 63-75 |
| | | | | |
| **KABUUAN** | **43** | **75** | **100%** | **75** |

**Ikatlong Markahang Pagsusulit**
**Araling Panlipunan V**

Pangalan: ________________________________________ Petsa:____________________________

Baitang/Seksyon:________________________________ Guro: ____________________________

## I. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang nagpahayag na Open City ang Maynila noong Disyembre 26, 1941?
   A. Heneral Douglas Mac Arthur C. Heneral Jose Basco
   B. Heneral Jose Raon D. Heneral Jose Lopez
2. Ano ang binomba noong Disyembre 7, 1941 na isang base- militar sa Estados Unidos ng mga Hapones?
   A. Pearl Harvard C. Pearl Harbor
   B. Pearl of the Orient D. Pearl Point
3. Ang lahat na nahuling sundalong Pilipino at Amerikano ay pinalakad mula Mariveles, Bataan hanggang Capas, Tarlac ng mga Hapones. Ano ang tawag dito?
   A. Long Walk C. Long Distance
   B. Journey to Remember D. Death March
4. Ano ang tawag sa mga Pilipinong Espiya?
   A. HUKBALAHAP C. Hapones
   B. Makapili D. Huk
5. Sino ang naging pangulo sa Ikalawang Republika?
   A. Manuel A. Roxas C. Emilio Aguinaldo
   B. Elpedio Quirino D. Jose P. Laurel
6. Nang sakupin tayo ng Hapones, nagtatag sila ng pambansang pamahalaan na tinawag nilang ______________.
   A. Samahan ng Estado C. Taga paying Hapones
   B. Sanggunian Bayan D. Samahan ng Pangasiwaang Sentral
7. Ang bumubuo ng pamunuan ng Philippine Executive Commission ay ____________.
   A. apat C. walo
   B. anim D. sampu
8. Ang samahan ng Pangasiwaaang Sentral ay bumuo ng magbibigay ng payo sa Komisyong Tagapagpaganap. Ano ito?
   A. Tagapangulong Komisyon C. Sangguniang Bayan
   B. Sanggunian ng Estados Unidos D. Kapisanan sa Paglilingkod sa Bansa
9. Ang bawat komisyonado ay may-
   A. Tagapayong Espanyol C. Tagapayong Hapones
   B. Tagapayong Pilipino D. Tagapayong Amerikano
10. Lahat ng hakbang ng mga komisyonado ay dapat munang_______________.
    A. pagtibayin C. piliin
    B. hatiin D. ipanalangin
11. Pinag-utos ni Pang. Jose P. Laurel ang paggamit ng ______________ bilang wikang opisyal.
    A. tagalog C. Niponggo
    B. Ingles D. Waray
12. Ang wika ng mga Hapones ay _____________.
    A. Ingles C. Espanol
    B. Mandarin D. Niponggo
13. Idineklara ni Hen. Douglas MacArthur na open city ang Maynila. Nangangahulugan ito na ____________.
    A. lilisanin ng mga tao ang lungsod C. walang military na magtatanggol sa lungsod
    B. ipagtatanggol ng military ang lungsod D. bobombahin ng mga Hapones ang lungsod
14. Sinong amerikanong heneral ang natira upang ipagtanggol ang Corregidor?
    A. Manuel L. Quezon C. Jonathan Wainwright
    B. Douglas MacArthur D. Franklin Roosevelt
15. Alin ang dahilan ng pagsiklab ng digmaan sa pagitan ng United States at Japan?
    A. Pagbomba ng Clark Airbase C. pagsalakay sa Pearl Harbor
    B. Pagtakas ni Hen. MacArthur D. pagtatatag ng HUKBALAHAP

16-25 Isulat ang N kung naglalarawan at DN kung hindi naglalarawan sa uri ng pamumuhay ng mga Pilipino sa panahon ng Hapones.

_______16. Namuhay sa takot ang mga Pilipino sa panahon ng mga Hapones.
_______ 17. Lumaganap ang sakit dahil sa hirap ng buhay at kakapusan sa pagkain.
_______ 18. Hinuli ang mga kalalakihan at ikinulong.
_______ 19. Matiwasay at tahimik ang pamumuhay ng mga Pilipino.
_______ 20. Bawat Pilipino ay may proteksyon ang buhay.
_______ 21. Kinontrol ang himpilan ng mga radyo
_______ 22. Lumilipat ang mga Pilipino sa lugar kung saan walang mga Hapones.
_______ 23. Nagpalipat-lipat sila para maiwasan ang mga Hapones.
_______ 24. Malaya ang mga Pilipino na magawa ang kanilang nais.
_______ 25. Kinakatakutan ng mga Pilipino ang Makapili o tinatawag na espiya.

26-33 Alin sa mga sumusunod na paraan ang ginawa ng pamahalaan sa **paglutas ng suliranin** sa panahon ng Hapones? Lagyan ng / kung **tama** at **X** kung **mali** ang tinutukoy sa bawat pangungusap.

_______ 26. Itinatag ang Sanggunian sa Pagpaplanong Pangkabuhayan
_______ 27. Nagtanim ng mga gulay sa bakanteng lupa.
_______ 28. Iniutos ang pagtatanim ng mga halamang namumulaklak.
_______ 29. Itinatag ang Bigasang Bayan.
_______ 30. Kinontrol ang halaga ng bilihan sa mga pamilihan.
_______ 31. Nagtatag ng mga Kooperatiba
_______ 32. Paglulungsad ng mga Proyekto kaugnay ng pagpaparami ng pagkain
_______ 33. Labis na pagpapatubo sa mga negosyanteng Pilipino

Itambal ang hanay A sa hanay B. Isulat ang titik ng wastong sagot sa patlang.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| _______ 34. Rehabilitasyon at industriyalisasyon ng bansa | A. Ramon Magsaysay |
| _______ 35. Pinairal ang Patakarang Pilipino Muna | B. Manuel A. Roxas |
| _______ 36. Nagpatayo ng mga poso artesano | C. Ferdinand Marcos |
| _______ 37. Pagpapanumbalik ng tiwala ng bayan sa pamahalaan | D. Carlos P. Garcia |
| _______ 38. Paglikha ng mapagkakakitaan ng mga tao | E. Elpidio Quirino |
| _______ 39. Nagpatupad ng Reporma sa Lupang Pansakahan | F. Diosdado Macapagal |

40. Sino ang naging unang pangulo sa Ikatlong Republika?
    A. Ferdinand Marcos          C. Elpidio Quirino
    B. Manuel A. Roxas          D. Carlos P. Garcia
41. Ano ang tawag sa pagbibigay ng karapatan sa mga mamamayang Amerikano at Pilipino sa paglinang ng likas na yaman ng ating bansa?
    A. Partner Rights          C. Company Rights
    B. Business Rights          D. Parity Rights
42. Anong bangko ang namahala sa pagpapautang upang maisaayos ang industriyang sakahan at negosyo sa bansa?
    A. Rehabilitation Finance Corporation          C. National Finance Cooperative
    B. Rehabilitation Corporation          D. National Cooperative
43. Binigyang diin nito ang pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan ng tao. Layunin ng pamahalaan sa Bagong Lipunan ang paglutas ng suliranin sa kakulangan sa tirahan sa mga lungsod. Ano ang tawag sa proyektong ito?
    A. Zonal Improvement Program          C. Bagong Lipunan Improvement of Sites and Services
    B. Bagong Pilipinas          D. Pabahay para sa mga Mayayaman

44-48 Isulat kung **Tama** o **Mali** ang inihahayag sa mga pangungusap sa panahon ng Ikatlong Republika. Isulat ang sagot sa patlang.

_________ 44. Itinatag ang Pambansang Pangasiwaan sa Paglilipat-tirahan at Pagsasaayos upang mabigyan ng sariling lupang tirahan at sakahan sa mga nangangailangan.
_________ 45. Pinamahalaan nito ang pagbibigay ng maayos na tirahan sa mga iswater.
_________ 46. Itinatag ito upang mapangalagaan ang mga may sariling lupa at tirahan.
_________ 47. Layunin nitong tulungan ang mga iskwater na nais na magsibalik sa kanilang

sariling lalawigan.

__________ 48. Itinatag ito upang tulungan ang mga nagpapaupa ng mga apartment.

49-53 Isulat ang **S** kung sang-ayon ka sa sinasabi ng pangungusap at **DS** kung di ka sang-ayon.

_________ 49. Ang pagpapatuloy ng makaamerikanong sistema ng edukasyon ay makabubuti sa pamumuhay ng mga Pilipino.

_________ 50. Ang pagtuturo ng mga gawaing mapapakinabangan tulad ng pag-aalaga ng bibe, manok at iba pa ay makatutulong sa pagtugon ng mga pangunahing pangangailangan ng tao.

_________ 51. Paggamit ng wikang pambansa bilang panturo.

_________ 52. Pagbubukas ng paaralang pambayan at pagtatatag ng paaralang bokasyunal.

_________ 53. Pagtuturo tungkol sa buhay ng mga bayaning Pilipino.

54. Sino ang sumulat ng Balarila ng Wikang Pambansa at sumulat ng nobelang Banaag at Sikat?
A. Amado Hernandez C. Alejandro Abadilla
B. Francisco Baltazar D. Lope K. Santos

55. Siya ang gumawa ng pag-aaral tungkol sa mga katutubong awit at sayaw.
A. Aurora Quezon C. Geronima Pecson
B. Francisca Reyes Aquino D. Vicente Manansala

56. Si Guillermo Tolentino ay nakilala sa kanyang obra na makikita sa UP, monumento ni Bonifacio sa Caloocan. Anong obra ito?
A. Bagong Malaya C. Oblation
B. Seven Hills Away D. Plantation

57. Sino ang unang babaing nahalal na senador sa bansa noong 1947?
A. Helenita Benitez C. Francisca Reyes Aquino
B. Aurora Quezon D. Geronima Pecson

58. Isang institusyong pangkawanggawa para sa mga naulilang lubos at mga babaing napariwara.
A. Philippine National Red Cross C. United Nations Commissions
B. Asociacionn Catolica de Damas Filipinas D. Social Aid Committee

59. Sino sa mga sumusunod ang mahusay umawit?
A. Lea Salonga C. Francisca Reyes Aquin
B. Cecilia Munos Palma D. Geronima Pecson

60. Sino ang nagsimula ng paggamit ng katutubong panitikan at awit bilang paksa sa musika?
A. Antonio Molina C. Felipe Padilla
B. Lucio San Pedro D. Antonio Buenaventura

61. Ang mahalagang katangian ng mga gusali sa panahong ito ay ang tinatawag na _________ na Matibay na sementong tabing upang ikubli ang mga bintana sa sinag ng araw.
A. sunset C. sundown
B. sunbreaker D. sunrise

62. Sino si Victor Edades?
A. Ama ng Balarila C. Ama ng Makabagong Sining
B. Ama ng Panitikan D. Ama ng Suriang Pambansa

63. Ang mga negosyong lubos na pag-aari ng mga Pilipino ay ang papayagan lamang ng makalahok sa kalakalang tingian.
A. Market Stalls Act C. Filipino Retailer Fund Act
B. National Marketing Corporation D. Retail Trade Nationalization Act

64. Batas na nangangalaga sa mga mangagawa sa pag-aabuso o pagmamalabis sa kanila ng mga may-ari ng kompanya.
A. Market Stalls Act C. Filipino Retailer Fund Act
B. National Marketing Corporation D. Magna Carta of Labor

65. Ang pamahalaan ay bumuo ng iisang korporasyon na magtutustos ng murang paninda sa mga Pilipinong magtingi.
A. Market Stalls Act C. Filipino Retailer Fund Act
B. National Marketing Corporation D. Magna Carta of Labor

66. Ang batas na ito ay nag-uutos sa maga dayuhang negosyante na unti-unti nang alisin ang kanilang negosyo sa ating bansa.
A. Market Stalls Act C. Filipino Retailer Fund Act
B. National Marketing Corporation D. Retail Trade Nationalization Act

67. Batas na nagbibigay ng katiyakang benepisyo sa mga manggagawasa mga oras ng kanilang pangangailangan
A. Social Security Act C. Filipino Retailer Fund Act
B. National Marketing Corporation D. Retail Trade Nationalization Act

68-75 Isulat ang **<u>Oo</u>** kung sang-ayon ka sa inihahayag sa pangungusap at **<u>Hindi</u>** kung hindi.

________ 68. Nalinang ang nayonalismo sa mga Pilipibago nang pinairal ang patakarang “Pilipino Muna”.

________ 69. Nabigyan ng pagkakataon ang mga dayuhang makapagnegosyo bago ang mga Pilipino.

________ 70. Naging mahalaga sa mga Pilipino ang patakarang ito sapagkat naunang nabigyan sila nang pagkakataong mapaunlad ang kabuhayan bago ang mga dayuhan.

________ 71. Nararapat na makinabang ang mga dayuhang negosyante sa mga likas na yaman ng bansa.

________ 72. Sa patakarang ito ipinakita ni Pangulong Carlos P. Garcia ang kanyang pagiging makabansa.

________ 73. Ang dayuhan ang dapat na makinabang sa likas na yaman ng bansa.

________ 74. Sa pamamagitan ng “Pilipino Muna” napaunlad ang industriyang Pilipino.

________ 75. Naging malaking tulong sa pagkabawas ng kontrol ng mga dayuhan sa kalakalan sa bansa.

**SUSI NG PAGWAWASTO SA IKALAWANG MARKAHANG PAGSUSULIT**

**MAKABAYAN HEKASI V**

| | | |
|---|---|---|
| 1. A | 26. / | 51. S |
| 2. C | 27. / | 52. S |
| 3. D | 28. X | 53. S |
| 4. B | 29. / | 54. D |
| 5. D | 30. X | 55. B |
| 6. D | 31. / | 56. C |
| 7. B | 32. / | 57. D |
| 8. A | 33. X | 58. B |
| 9. C | 34. B | 59. A |
| 10. A | 35. D | 60. D |
| 11. A | 36. A | 61. B |
| 12. D | 37. E | 62. C |
| 13. C | 38. C | 63. A |
| 14. C | 39. F | 64. D |
| 15. C | 40. B | 65. B |
| 16. N | 41. D | 66. D |
| 17. N | 42. A | 67. A |
| 18. N | 43. C | 68. OO |
| 19. DN | 44. TAMA | 69. HINDI |
| 20. DN | 45. TAMA | 70. OO |
| 21. N | 46. MALI | 71. HINDI |
| 22. N | 47. TAMA | 72. OO |
| 23. N | 48. MALI | 73. HINDI |
| 24. DN | 49. DS | 74. OO |
| 25. N | 50. S | 75. OO |